Republic of the Philippines
Department of Education
REGION IV-A CALABARZON
CITY SCHOOLS DIVISION OFFICE OF ANTIPOLO

**LEARNER'S ACTIVITY SHEET IN FILIPINO**

IKALAWANG BAITANG

Ikaapat na Markahan – Week 6

**Pangalan**: ____________________________ **Iskor:** _____________
**Baitang at Pangkat:**___________________ **Petsa:** ____________

**Kasanayang Pampagkatuto:**

Nakagagamit nang wastong salitang pang-ukol na; ni o nina, kay o kina, ayon sa, para sa, at ukol sa, sa mga pangungusap..

**Alam mo ba?**

Ang **pang-ukol** ay salitang nag-uugnay sa pangngalan, pandiwa, panghalip, o pang-abay at sa iba pang mga salita sa loob ng pangungusap. Ito ay maaari ring magturo ng lugar o layon.

Ang **pang-ukol** ay ginagamit upang matukoy kung sino ang nagmamay-ari o pagmamay-ari, pinag-uukulan, pinagmulan o pinanggalingan ng isang bagay o impormasyon.



LIVEWORKSHEETS

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION IV-A CALABARZON
CITY SCHOOLS DIVISION OFFICE OF ANTIPOLO

## Mga Uri o Karaniwang Pang-ukol

1. **Ni o nina.** Ito ay nagpapahayag o nagsasaad ng pagmamay-ari ng isang bagay.

Halimbawa: Binili ni Ana ang malaking bola.

Binili nina Miel at Mira ang mga lobo.

2. **Kay o kina.** Ito ay ginagamit kapag ang isang kilos o bagay ay tumutukoy sa tiyak na tao o mga tao.

Halimbawa: Ang lobo ay dinala kay Rea kanina.

Pumunta sila kina Alexa at Leilin.

3. **Para sa.** Ito ay nagpapahayag ng pinag-uukulan; ginagamit upang ipahiwatig ang gamit ng isang bagay.

Halimbawa: Ang mga biniling lobo ay para sa kaarawan ni Andrei bukas.

4. **Ayon sa.** Ito ay nagpapahayag ng pinanggalingan o pinagbatayan ng isang bagay. Ito rin ay ginagamit upang iukol ang sinabi batay sa sanggunian o taong may alam.

Halimbawa: Ayon sa PHILVOCS bawal muna ang pamamasyal sa may malapit sa Bulkang Taal.

5. **Ukol sa.** Ito ay ginagamit sa paglalaan ng panahon o anuman sa isang natatanging bagay; anumang nararapat sa isang tao o bagay.

Halimbawa: Ukol sa COVID-19 ang paksa ng aralin.


New Bldg.: Sports Educ. Hub, Sen. L. Sumulong Mem. Circle, Brgy. San Isidro, Antipolo City
Old Bldg. : C. Lawis Extension, Brgy. San Isidro, Antipolo City
www.depedantipolo.com antipolo.city@deped.gov.ph (02) 8630-3110

LIVEWORKSHEETS

## Gawain A

**Panuto:** Punan ng tamang pang-ukol na **ni** at **nina**.

1. Tinahi ___ Vanessa ang butas na damit.
2. Parating na ang bisita ___ Lucio at Lanie.
3. Nanalo ang nilikha na guhit ___ Jethro sa patimpalak.
4. Pinanood ___ Apple, Ali at Angel ang palabas sa plasa.
5. Pinitas ___ Riza ang bulaklak sa hardin upang ilagay sa plorera.

## Gawain B

**Panuto:** Isulat sa patlang ang tamang pang-ukol na bubuo sa pangungusap. Gamitin ang pang-ukol na **kay** at **kina**.

1. Pinadala ni Joy ___Wilson ang kanyang mga aklat.
2. _____ Carla at Sheena ang nakasabit na larawan.
3. Piliin mo ang mga pulang lobo para ___Diane.
4. ____ Joan ba itong naiwan na bag?
5. Pinakuha ______ Billy at Joel ang mabibigat na karton



LIVEWORKSHEETS

## Gawain C

**Panuto:** Basahin ang bawat pangungusap. Bilugan ang tamang pang-ukol na ginamit sa pangungusap.

1. (Ayon sa, Para sa) eksperto, ang pagkalat ng sakit na dala ng Covid-19 ay maiiwasan sa pamamagitan ng pagpapanatili ng malayong distansiya sa isa't isa.
2. (Para sa, Ayon sa) mga bata sa kalye ang mga biniling pagkain ni Pedro.
3. (Ukol sa, Ayon sa) mga pulis, wala na tayong dapat na ikabahala dahil nahuli na ang mga nakatakas na magnanakaw.
4. Ang pag-aaralan namin sa araw na ito ay (ayon sa, ukol sa) kalikasan.
5. (Ukol sa, Ayon sa) mga bayani ang kanilang pinag- uusapan.



LIVEWORKSHEETS